

Pagkamabisaan ng mga Estratehiya sa Pagbasa ng Malakas at Pag-Unawasa Teksto sa Pagganap sa Literasiya ng mga Mag-aaral sa Baitang 4-5

MARK GERALD T. FIEL

Teacher III

Western Leyte College

Master of Arts in Education

Major in Filipino

markgerald.fiel@deped.gov.ph

Abstract Ang pag-aaral na ito ay sinuri ang pagkamabisaan ng mga estratehiya sa pagbasa ng malakas at pag-unawa sa teksto sa pagganap sa literasiya ng mga mag-aaral sa Baitang 4-5 ng Tugbong Central School sa Dibisyon ng Leyte. Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagsilbing batayan para sa isang Plano ng Pagpapabuti. Ang quasi-experimental research design ay isang angkop na metodolohiya para sa pag-aaral na "Pagkamabisaan ng Mga Estratehiya sa Pagbasa ng Malakas at Pag-unawa sa Teksto sa Pagganap sa Literasiya ng mga Mag-aaral sa Baitang 4-5." Sa ganitong disenyo, ang mga mananaliksik ay pumili ng mga grupo ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang klase o seksyon, kung saan ginamit bilang eksperimento (mga mag-aaral na isinailalim sa mga estratehiya sa pagbasa ng malakas). Sa pamamagitan ng pre-test at post-test, nasukat ang pag-unlad ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral, na nagbigay-daan sa mga mananaliksik upang suriin ang epekto ng mga estratehiya sa kanilang literasiya. Ang Talahanayan ay nagpapakita ng pagsusuri ng kaibahan ng mga marka sa pre-test at post-test sa mga mag-aaral sa Baitang 4-5 sa asignaturang Filipino. Ayon sa talahanayan, ang computed t-value ay mas mataas kaysa sa critical t-value kaya ang null hypothesis (H_0) ay tinanggihan. Ang pinal na interpretasyon ng resulta ay nagpapakita ng isang makabuluhang kaibahan sa mga marka ng pre-test at post-test, na nagsasaad na may positibong epekto ang estratehiya sa pagbasa ng malakas at pag-unawa sa teksto sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino. Sa pagsusuri ng resulta, malinaw na ang mga mag-aaral ay nakaranas ng makabuluhang pagpapabuti sa kanilang mga kasanayan sa pagbasa sa Filipino pagkatapos ng interbensyon. Ang mga resulta ng post-test ay nagpapakita ng mataas na marka, mula sa pre-test na umaabot sa post-test, na isang malaking hakbang sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan. Ang computed t-value ay malayo sa critical t-value, na nagpapakita ng malaking pagkakaiba ng mga resulta ng dalawang pagsusulit, na nagbibigay ng ebidensya sa bisa ng mga interaktibong laro sa pag-enhance ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang mga resulta sa Talahanayan 3 ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa ng malakas at pag-unawa sa teksto ay may makabuluhang epekto sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang malaking kaibahan sa pre-test at post-test scores ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral na sumailalim sa interbensyon ay nakakaranas ng mas mataas na antas ng kasanayan sa pagbasa. Kaya, ang mga mag-aaral na unang nagpakita ng katamtamang antas ng kasanayan sa pagbasa ay naging mas bihasa at epektibo sa pag-unawa ng mga teksto at sa kanilang mga kasanayan sa pagbasa sa Filipino pagkatapos ng interbensyon.

Keywords — *Pagkamabisaan Estratehiya Pagganap sa Literasiya Baitang 4-5*

I. PANIMULA

Ang pagbasa ng malakas ay isang mahusay na paraan upang mapabuti ang pag-unawa sa mga teksto. Nagiging mas madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang konteksto at kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng pagkakataong marinig ang mga Salita at ang tono ng pagbasa. Layunin ng pag-aaral na ito na

matuklasan kung paano nakakatulong ang ganitong uri ng pagbasa sa kabuuang literasiya ng mga mag-aaral at kung anong mga diskarte ang pinakamahasay para sa mga mag-aaral.

Ang pagkilala sa mga problema na kinakaharap ng maraming mag-aaral sa kanilang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ay isang pangunahing dahilan ng pag-aaral na ito. Sa kabila ng mga pagsisikap ng mga guro na pahasayin ang kanilang mga kasanayan, maraming mag-aaral ang kulang sa mga ito, na nagreresulta sa mababang pagganap sa mga asignaturang nangangailangan ng literasiya. Upang matukoy ang mga mahusay na diskarte na magagamit ng mga guro, ang pagsusuri sa mga diskarte na naglalayong pahasayin ang pagbasa ng malakas at pag-unawa ay mahalaga.

Ang pagkuha ng mas malalim na pag-unawa sa mga teksto ay may malaking epekto sa pag-unlad ng kritikal na pag-iisip at pagsusuri. Maaaring matulungan ang mga mag-aaral na bumasa at suriin ang mga konsepto at impormasyon na kanilang natutunan sa pamamagitan ng pagsasama ng mga aktibidad na nakatuon sa pag-unawa sa mga teksto. Ang mga kasanayan na ito ay mahalaga para sa kanilang paglaki bilang mga mag-aaral at bilang mga responsableng mamamayan.

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay suriin ang pagiging epektibo ng mga diskarte sa pagbasa at pag-unawa sa teksto sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 4 sa literasiya. Ang pagbuo ng mga pangunahing kasanayan sa pagbasa ay mahalaga sa yugtong ito ng edukasyon dahil ito ang nagsisilbing pundasyon para sa mas mataas na antas ng pagkatuto sa mga susunod na baitang. Ang literasiya ay hindi lamang tungkol sa kakayahang bumasa; ito ay tungkol sa pag-unawa at pagsusuri ng mga teksto, na mahalaga sa akademikong pag-unlad at pang-araw-araw na buhay.

Sa mga kabataan, ang pagbasa ay isang hadlang o isang hamon, lalong lalo na sa mga guro sa elementarya. Ang mga batang maagang namulat sa prosesong ito ay nahaharap sa isang mahirap na pagsubok. Dahil ang pagbabasa ay isa sa mga pinakamahalagang bagay na dapat matutunan ng isang tao upang makamit ang kanilang mga layunin sa hinaharap, ang mga kabataan sa panahon ngayon ay dapat mamulat at mabigyang pansin. Upang lubos nilang maunawaan ang proseso ng pagbabasa at kahalagahan nito, mahalaga rin na mabigyang gabay ang mga ito.

Ang pinakamalaking dahilan kung bakit ang mga mag-aaral ay may mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa ay ang kanilang mababang vocabulary, na humahantong sa mga salita na dapat maunawaan nang lubusan ng mga mambabasa. Makakaapekto rin ito sa pag-unawa ng isang tao sa buong tekstong binasa. Sa kasalukuyan, mahirap para sa mga guro na basahin at maunawaan ang mga teksto na binasa ng kanilang mga mag-aaral. Ito ay partikular na totoo sa ikaapat na baiting, kung saan ang mga bata ay lumilipat mula sa mababang baitang patungo sa ikaapat na baitang, kung saan ang wikang Ingles ay karaniwang ginagamit bilang isang paraan ng pagtuturo.

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga para sa parehong mga mag-aaral at mga guro at tagapamahala ng paaralan. Ang mga resulta ng pag-aaral ay maaaring gamitin bilang batayan para sa mga programang pang-edukasyon na naglalayong pahasayin ang literasiya sa mga kabataan. Sa ganitong paraan, maaasahan natin na ang mga mag-aaral sa Baitang 4 ay magkakaroon ng mas mataas na antas ng kaalaman at kasanayan, na magiging mahalaga sa kanilang tagumpay sa hinaharap.

Ang pag-aaral na ito ay sinuri ang pagkamabisaan ng mga estratehiya sa pagbasa ng malakas at pag-unawa sa teksto sa pagganap sa literasiya ng mga mag-aaral sa Baitang 4-5 ng Tugbong Central School sa Dibisyon ng Leyte. Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagsilbing batayan para sa isang Plano ng Pagpapabuti.

Partikular, ito ay naglayong sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Partikular, ito ay naglayong sagutin ang mga sumusunod na tanong: Ano ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 4-5 sa Filipino sa pretest bago ang pagtuturo gamit ang Estratehiya sa Pagbasa ng Malakas at Pag-unawa sa Teksto?
2. Ano ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 4-5 sa Filipino sa posttest pagkatapos ang pagtuturo gamit ang Estratehiya sa Pagbasa ng Malakas at Pag-unawa sa Teksto?

3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 4-5 sa Filipino sa pretest at posttest bago at pagkatapos ang pagtuturo gamit ang Estratehiya sa Pagbasa ng Malakas at Pag-unawa sa Teksto?
4. Anong plano ng pagpapabuti ang maaring imungkahi batay sa mga natuklasan ng pag-aaral?

Walang Hipotesis:

HO: Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 4-5 sa Filipino sa pretest at posttest bago at pagkatapos ang pagtuturo gamit ang Estratehiya sa Pagbasa ng Malakas at Pag-unawa sa Teksto.

II. METODOLOHIYA

Design. Ang quasi-experimental research design ay isang angkop na metodolohiya para sa pag-aaral na "Pagkamabisaan ng Mga Estratehiya sa Pagbasa ng Malakas at Pag-unawa sa Teksto sa Pagganap sa Literasiya ng mga Mag-aaral sa Baitang 4-5." Sa ganitong disenyo, ang mga mananaliksik ay pumili ng mga grupo ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang klase o seksyon, kung saan ang ito ay ginamit bilang eksperimento (mga mag-aaral na isinailalim sa mga estratehiya sa pagbasa ng malakas). Sa pamamagitan ng pre-test at post-test, nasukat ang pag-unlad ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral, na nagbigay-daan sa mga mananaliksik upang suriin ang epekto ng mga estratehiya sa kanilang literasiya. Ang mga resulta mula sa quasi-experimental na disenyo ay nagbigay ng mahalagang impormasyon tungkol sa bisa ng mga estratehiya sa pagbasa ng malakas. Ang mga datos ay nakatulong upang malaman kung ang mga interbensyon na ginawa ay nagkaroon ng makabuluhang epekto sa pag-unawa at pagganap ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga estadistika at analisis na isinagawa, natukoy din ang mga posibleng salik na nakaaapekto sa resulta, tulad ng antas ng kasanayan ng guro o ang pagkakaiba-iba sa mga istilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ang ganitong disenyo ay nagbigay-diin sa ugnayan ng mga estratehiya sa pagbasa at ang pag-unlad ng literasiya ng mga mag-aaral sa Baitang 4-5. Ang pag-aaral na ito ay isinasagawa sa Tugbong Elementary School, matatagpuan sa Brgy. Tugbong, Kananga Leyte. Ang mga respondent ng pag-aaral ay ang mga mag-aaral ng Baitang 4-5 ng nabanggit na paaralan. Ginamit ng mananaliksik ang mga pagsusulit sa Filipino 4 at 5 na nakabatay sa iba't ibang kakayahang pang-edukasyon sa ikalawang markahan. Ang pangunahing instrumento ay ang pagsusulit sa Filipino, na idinisenyo upang masukat ang kasanayan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa ng malakas at pag-unawa. Ang pagsusulit na ito ay sumaklaw sa iba't ibang aspeto ng pagbasa, tulad ng pag-unawa sa teksto, bilis ng pagbabasa, at kakayahang bumuo ng mga konklusyon mula sa binasang materyal. Ang mga tanong ay mula sa multiple choice hanggang sa mga open-ended na tanong upang mas mapalawak ang pagsusuri sa kanilang pag-unawa. Ang pangalawang ginamit na materyales ay ang mga teksto (aklat, small book, big books) at mga kagamitan sa teknolohiya. Ang mga resulta ng pag-aaral ay naging batayan para sa isang plano ng pagpapabuti.

pagpili ng sampol. Ang mga respondent ng pag-aaral ay ang mga mag-aaral ng Baitang 4-5 (F-9-, M-16, T-25) ng nabanggit na paaralan. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay kinikilala at ang pangunahing paraan ng pag-abot sa kanila ay sa aktwal na pagsasagawa ng pag-aaral pati na rin sa pagkuha ng mga datos sa paaralan kung saan isinagawa ang pag-aaral.

Mga Pamamaraan sa Pananaliksik. Humingi ang mananaliksik ng permiso mula sa opisina ng Schools Division Office na pinamumunuan ng ating School Division Superintendent na si Dr. Marisa S. Magan, Ph.D., CESO V sa pamamagitan ng isang Transmittal Letter. Ang parehong nilalaman ng liham ay ibinigay sa Public-School District Supervisor, Punong Guro, at sa mga guro na mayroong pangangalaga sa mga respondente.

Ginamit ng mananaliksik ang mga kagamitang pang-pananaliksik tulad ng mga test questionnaires batay sa mga pinakamahalagang kasanayang pang-akademiko sa Filipino 4 na nakatuon sa ikalawang markahan. Ipinaabot ito sa mga mag-aaral upang matukoy ang antas ng kanilang pagganap sa Baitang 4 na nakabatay sa pagkilala sa salita at pang-unawa, pati na rin sa kanilang kaalaman sa mga aralin. Matapos ang integrasyon ng nabanggit na interbensyon

na tumagal ng isang buwan, isinagawa ang posttest upang suriin kung tumaas o hindi ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 4. Kinolekta ang mga datos at isinumite sa naaangkop na estadistikang pagsusuri..

Mga Isyu ng Etika. Ang karapatang magsagawa ng pag-aaral ay mahigpit na sinunod sa pamamagitan ng pag-apruba ng punong-guro at ang pag-apruba ng Superintendente ng Dibisyon. Ang oryentasyon ng mga kalahok, kabilang ang punong-guro ng paaralan, mga guro, at mga magulang, ay isinagawa.

Pamamaraan ng Istatiska. Ang mga sumusunod na estadistikang pormula ay ginamit sa pag-aaral na ito:

Ang mga quantitative na tugon ay binilang at inilagay sa talahanayan. Ang mga datos ay sinuri sa estadistikal na paraan gamit ang mga sumusunod na kasangkapan:

Weighted Mean - Ito ay ginamit upang suriin ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 4 sa Filipino.

T-Test For Mean Difference - Ang kasangkapang ito ay ginamit upang kalkulahin ang makabuluhang pagkakaiba ng mga pagganap sa pretest at posttest ng mga mag-aaral sa Baitang 4 sa Filipino.

III. MGA RESULTA AT TALAKAYAN

TABLE I
PRE-TEST NA PAG-GANAP SA LITERASIYA NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG 4-5

Score Range	Description	PRETEST	
		Frequency	%
33-40	Excellent	0	0
25-32	Very Good	9	36
17-24	Good	16	64
9-16	Fair	0	0
1-8	Poor	0	0
Total		25	100
Weighted Mean		23.80	Good

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng mga resulta ng pre-test ng mga mag-aaral sa Baitang 4-5 sa pagganap sa literasiya. Sa pagsusuri ng mga marka, makikita na ang pinakamataas na porsyento ng mga mag-aaral ay nakakuha ng mga marka sa categoryang "Good" na may 64% o 16 mag-aaral, habang ang 36% o 9 mag-aaral naman ay nakakuha ng "Very Good." Walang mag-aaral na nakakuha ng marka sa "Excellent," "Fair," o "Poor." Ang kabuuang marka ng mga mag-aaral ay nagpakita ng weighted mean na 23.80, na nagpapakita ng isang "Good" na antas ng kasanayan sa literasiya.

Ang pre-test na ito ay tumukoy sa kasalukuyang antas ng literasiya ng mga mag-aaral bago ipatupad ang mga estratehiya sa pagbasa ng malakas at pag-unawa sa teksto. Makikita mula sa resulta na karamihan sa mga mag-aaral ay may kasanayan sa pagbasa at pag-unawa na umabot sa categoryang "Good," ngunit hindi pa umaabot sa pinakamataas na antas. Ang ganitong resulta ay nagpapakita na mayroong mga lugar na maaari pang mapabuti upang mapataas ang kanilang antas ng literasiya sa Filipino, tulad ng mas malalim na pag-unawa sa mga teksto at pagpapalawak ng bokabularyo.

Ang mga implikasyon ng mga resulta sa Talahanayan 1 ay nagsasabi na may mga mag-aaral na nangangailangan pa ng karagdagang interbensyon at suporta upang makamit ang mas mataas na antas ng kasanayan sa pagbasa at literasiya. Bagamat marami ang nasa categoryang "Good," hindi pa ito sapat upang matiyak ang mataas na antas ng kaalaman at kasanayan sa Filipino. Ipinapakita nito na may pangangailangan sa mas pinagsama-samang mga estratehiya sa pagtuturo,

tulad ng mga estratehiya sa pagbasa ng malakas at pag-unawa sa teksto upang mapalawak ang kanilang kasanayan sa pagbasa at mas mapabuti ang pag-unawa sa teksto.

TABLE 2
POST-TEST NA PAG-GANAP SA LITERASIYA NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG 4-5

Score Range	Description	POST-TEST	
		Frequency	%
33-40	Excellent	24	96
25-32	Very Good	1	4
17-24	Good	0	0
9-16	Fair	0	0
1-8	Poor	0	0
33-40		25	100
Weighted Mean		36.12	Excellent

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng mga resulta ng post-test na isinagawa upang sukatin ang pagbabago sa pagganap sa literasiya ng mga mag-aaral sa Baitang 4-5 pagkatapos ng interbensyon. Ayon sa mga resulta, makikita na 96% o 24 na mag-aaral ang nakakuha ng "Excellent" na marka, habang ang natitirang 4% o 1 mag-aaral ay nakakuha ng "Very Good." Walang mag-aaral na nakakuha ng marka sa "Good," "Fair," o "Poor." Ipinapakita ng kabuuang marka na ang mga mag-aaral ay nakamit ang isang "Excellent" na antas ng kasanayan sa literasiya, na may weighted mean na 36.12.

Ang mga resulta ng post-test ay nagpapakita ng malaking pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral mula sa kanilang pre-test na marka na may weighted mean na 23.80. Mula sa "Good" na kategorya, ang karamihan sa mga mag-aaral ay umangat sa "Excellent" na antas ng kasanayan sa literasiya. Makikita rin na tanging isang mag-aaral ang hindi nakamit ang pinakamataas na marka, at siya lamang ang nakakuha ng "Very Good." Ang makabuluhang pagtaas sa marka ay nagpapakita ng positibong epekto ng mga estratehiya sa pagbasa ng malakas at pag-unawa sa teksto na ipinagamit sa mga mag-aaral.

Ang mga implikasyon ng mga resulta sa Talahanayan 2 ay nagsasabi na ang mga estratehiya sa pagbasa ng malakas at pag-unawa sa teksto ay may malaking kontribusyon sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral sa literasiya. Ang mataas na porsyento ng mga mag-aaral na nakamit ang "Excellent" na marka ay nagpapakita ng epektibong pagtaas ng kanilang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. Ang mga mag-aaral na nagsimula sa "Good" na antas ay nagpakita ng makulay na pag-unlad pagkatapos ng interbensyon, na nagpatibay sa kahalagahan ng mga estratehiya sa pagbasa ng malakas

TABLE 3
TEST OF DIFFERENCE BETWEEN IN THE PRE-TEST AND THE POST-TEST SCORES

Test Scores		Standard Deviation	Computed T	Critical T	Decision	Interpretation
Post	23.80	2.33	6.17	2.06	Reject H_0	Significant
Post	36.12					

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng pagsusuri ng pagkakaiba ng mga marka sa pre-test at post-test sa mga mag-aaral sa Baitang 4-5 sa asignaturang Filipino. Ang Talahanayan ay naglalahad ng mga resulta ng pagkalkula ng Standard Deviation at ng computed at critical T-values. Ayon sa talahanayan, ang computed t-value na 6.17 ay mas mataas kaysa sa critical t-value na 2.06. Dahil dito, tinanggihan ang null hypothesis (H_0), na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba sa mga marka ng mga mag-aaral sa pre-test at post-test. Ang mga resulta ay nagpapakita ng isang makabuluhang epekto ng mga estratehiya sa pagbasa ng malakas at pag-unawa sa teksto sa kanilang pagganap sa literasiya.

Ang mga resulta ng pagsusuri ay nagpapakita ng makabuluhang pagtaas sa marka ng mga mag-aaral pagkatapos ng interbensyon. Sa pre-test, ang mga mag-aaral ay may weighted mean na 23.80 na kabilang sa kategoryang "Good," ngunit sa post-test, ang mga mag-aaral ay tumaas sa isang "Excellent" na antas ng kasanayan sa literasiya na may weighted mean na 36.12. Ang computed t-value na 6.17 ay malaki, na nangangahulugang ang pagkakaiba ng mga marka mula sa pre-test at post-test ay hindi dahil sa pagkakataon, kundi dahil sa mga estratehiyang ginamit sa pagtuturo ng pagbasa. Ang makabuluhang pagtaas sa mga marka ng mag-aaral ay nagpapakita ng epektibong epekto ng mga estratehiya sa pagbasa ng malakas at pag-unawa sa teksto sa pagpapabuti ng kanilang literasiya.

Ang mga resulta sa Talahanayan 3 ay nagpapahiwatig na mayroong makabuluhang pagbabago sa kasanayan sa pagbasa at literasiya ng mga mag-aaral matapos ang paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa ng malakas at pag-unawa sa teksto. Ang mataas na computed t-value ay nagpapakita ng malaking pagkakaiba sa mga marka ng pre-test at post-test, na nangangahulugang ang mga estratehiya ay may malalim na epekto sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral. Dahil dito, maaari nating ipalagay na ang mga estratehiyang ito ay tumulong sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa sa mga teksto at sa pagpapabuti ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

IV. CONCLUSION

Batay sa mga resulta ng pag-aaral na ito ay nagpapakita ng makabuluhang pagbabago sa kasanayan sa pagbasa at literasiya ng mga mag-aaral sa Baitang 4-5 matapos ang paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa ng malakas at pag-unawa sa teksto. Ipinapakita ng mga resulta na ang mga estratehiyang ito ay nagdulot ng malaking pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino, partikular na sa kanilang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga teksto. Ang mga estratehiyang ginamit ay nagkaroon ng positibong epekto sa pagpapabuti ng kanilang literasiya, na naging sanhi ng makabuluhang pagtaas sa kanilang mga marka mula sa pre-test hanggang post-test.

V. RECOMMENDATIONS

1. Ang plano ng pagpapabuti ay dapat ipatupad nang may estratehikong pag-iisip.
2. Dapat palawakin at patuloy na pagyamanin ng mga guro ang kanilang kaalaman at kasanayan sa paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa ng malakas at pag-unawa sa teksto. Makakatulong ito sa pagpapabuti ng kasanayan sa literasiya ng mga mag-aaral. Inirerekomenda rin na magkaroon ng regular na pagsasanay at workshop ukol dito upang mapalawak ang kanilang pedagogical approach sa pagtuturo ng pagbasa.
3. Ang mga Punong Guro ay dapat magbigay ng tamang suporta at mga kinakailangang resources para sa mga guro upang maipatupad nang epektibo ang mga estratehiya sa pagbasa. Maaaring magplano at maglunsad ng mga school-wide programs na magbibigay halaga sa pagpapalakas ng literasiya sa Filipino, tulad ng mga reading campaigns at regular na monitoring sa mga guro.
4. Para sa mga Tagapamahala ng Distrito ng mga Pamublikong Paaralan at mga Tagapamahala ng Programang Pang-edukasyon, nirerekomenda na magsagawa ng masusing pagsusuri at pag-monitor sa mga estratehiya sa pagbasa na ipinatutupad sa mga paaralan. Dapat ding magbigay ng mga materyales at

mga kinakailangang training upang matulungan ang mga guro sa kanilang mga klase. Magandang magkaroon ng periodical na evaluation upang mapabuti pa ang kalidad ng pagtuturo ng pagbasa.

5. Mahigpit na hinihikayat ang mga magulang na makipagtulungan sa mga guro upang mas mapaigting ang suporta sa pagkatuto ng kanilang mga anak. Maari silang magsagawa ng mga reading activities sa bahay at magbigay ng mga aklat at materyales na makakatulong sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral.
6. Inirerekomenda na ang mga stakeholders, kabilang ang mga lokal na pamahalaan at pribadong sektor, ay magbigay ng suporta sa mga paaralan, lalo na sa pagpapalaganap ng mga programa na nakatuon sa pagpapabuti ng literasiya ng mga mag-aaral. Makakatulong ang mga partnerships upang makapagbigay ng mga bagong kagamitan at teknolohiya sa pagtuturo.
7. Ang mga mananaliksik ay dapat magpatuloy sa pagsusuri ng iba pang mga estratehiya at pamamaraan na makatutulong sa pagpapabuti ng literasiya ng mga mag-aaral, partikular sa asignaturang Filipino. Magandang magkaroon ng longitudinal studies upang mas mapalalim ang pag-unawa sa pangmatagalang epekto ng mga estratehiyang ito sa literasiya ng mga mag-aaral.

ACKNOWLEDGEMENT

Taos-pusong pasasalamat ang ipinapaabot ng mananaliksik sa mga sumusunod na indibidwal at tanggapan dahil sa walang sawang suporta, tulong at kontribusyon upang maging matagumpay ang pananaliksik na ito:

Dr. Bryant C. Acar, Tagapangulo, para sa kanyang panghihikayat at walang kapagurang pagsisikap sa pagpapabuti ng pag-aaral;

Dr. Elvin H. Wenceslao, tagapayo sa pananaliksik ng manunulat para sa kanyang mahahalagang mungkahi, buong suporta at paghihikayat;

Dr. Jasmine B. Misa and Dr. Annabelle A. Wenceslao, mga miyembro ng Panel na mga tagasuri para sa pagbibigay ng kanilang mga propesyonal na mungkahi at rekomendasyon para sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito;

Ms. Rizza L. Mamita Schools District Supervisor at Mrs. Gladys V. Garrido Punong Guro, sa pagbibigay ng pahintulot na isagawa ang pag-aaral sa Tugbong Central School sa Kananga 2 District

Sa respondente mga mag-aaral sa Tugbong Central School baitang 4, para sa kanilang katapatan at pakikipagtulungan sa pagkumpleto sa mga datos na kailangan.

Ang pamilya ng mananaliksik, ang kanilang walang pasubaling pagmamahal at pag-unawa ay nag bigay inspirasyon sa kanya upang tapusin ang aklat na ito;

At higit sa lahat, sa Panginoong Maykapal, sa mga biyayang ipinagkaloob at pagkakataon upang maipagpatuloy ang pag-aaral sa pagtatapos nang sa gayon ay magkaroon ng propesyonal na pag-unlad. Higit sa lahat, salamat sa kanyang patnubay at kaliwanagan.

Sa lahat ng tumulong sa paggawa ng pananaliksik na ito

Muli, maraming salamat po sa inyong lahat.

VI. REFERENCES

- [1] Amog, J. P., & Camoro, C. L. (2020). Kalinagan ng mga Akda Junior High School gamit ang lokalisdong materyal. PSU Multidisciplinary Research Journal, 4(1).
- [2] Badayos, P. A. (2021). Metodolohiya sa Pagtuturo ng wika. Makati City, Grandwater Publications and Research corporation.
- [3] DO 14, S. (2018) -Policy on the administration of the revised Philippine Informal Informal Reading Inventory. Hango mula <https://www.deped.gov.ph/2018/03/26/do-14-s-2018>
- [4] Hernandez, G. (2018). Papel ng teknolohiya sa pagbasa at pag-unawa. [Unpublished manuscript].

AUTHOR'S PROFILE**MARK GERALD T FIEL**

Ang may-akda ay ipinanganak noong May 14, 1994 sa Kananga, Leyte, sa Pilipinas. Tinapos niya ang kanyang Bachelor's Degree sa Elementary Education sa Jose Navarro Polytechnic College sa Kananga Leyte taong 2015. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kanyang Master's degree of Arts in Education major in Filipino sa Western Leyte College of Ormoc City.

Siya ay kasalukuyang Guro III sa Departamento ng Edukasyon at Guro sa Baitang –IV sa Tugbong Central School sa Barangay Tugbong.Kananga, Leyte, sa Pilipinas. Siya ay isang Sports Coordinator sa nasabing paaralan mula 2023 hanggang sa kasalukuyan